
# Point VIEWER Publishing

PVN




CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 9

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 38 | APRIL 20 - 26, 2026 | ₱15.00




# HEALTH RUMORS KAY PBBM AT SPEAKERSHIP COUP, 'PROPAGANDA' UMANO NA INIUUGNAY SA VP SARA IMPEACHMENT

P2

## DOST Ilocos Region Builds Disaster-Ready Workforce Through DRRM Capacity Building Activity

PAHINA 3



## Pacquiao may panawagan sa UN na dapat ay bigyang prioridad ang sports na siyang susi sa kapayapaan

PAHINA 12



## MPD, pansamantalang isinuspindi ang paghuli sa mga mamamataang walang suot pangitaas

BASAHIN SA PAHINA 3




## BauerTek Wins 2 Gold Medals and the Medicine Award at INVENTCOR 2026

BASAHIN SA PAHINA 3

## Alex Eala, natapos na ang kampanya sa Linz Open matapos talunin ni Ostapenko



BASAHIN SA PAHINA 12

## Kevin Quiambao, hinirang bilang Rookie of the Year sa Korean Basketball League

BASAHIN SA PAHINA 12



## Halos 61,000 na indibdwal, nahuli bunsod ng mas pinaigting na implememtasyon ng Safer Cities Initiative

PAHINA 2



## Sen Gatchalian, nais silipin digitalization program ng BIR bago tax deadline

BASAHIN SA PAHINA 3

## SINAG, hinimok ang gobyerno na 'wag ituloy ang pagbabawas ng taripa sa imported na karne at mais

PAHINA 2

# Halos 61,000 na indibdwal, nahuli bunsod ng mas pinaigting na implememtasyon ng Safer Cities Initiative

Nakapagtala ng higit sa 61,000 na mga indibidwal ang nahuli ng mga otoridad matapos na ipatupad ang mahigpit na implementasyon ng Safer Cities Initiative na inilunsad sa pangunguna ng Department of the Interior and Local Government (DILG) at Philippine National Police (PNP) simula yan Abril 6 hanggang Abril 11.

Batay sa datos, higit sa 18,900 ang naitala sa ilalim ng mga common offenses gaya ng pagiinom sa mga lansangan at paninigarilyo sa mga pampublikong lugar.

Bahagi naman ng datos ang halos 526 na mga kaso ng paglabas ng walang suot na damit pangitaas, 586 naman ang naitala na lumabag sa enhanced curfew hours habang 70 naman ang naitalang mga karaoke-related violations.

Habang ang higit sa 30,000 mga naitalang paglabag naman ay pawang mga classified sa ilalim ng mga umiiral na lokal na ordinansa gaya ng loitering, public disturbance at iba pang kahalintulad nito.

Paliwanag naman ni PNP Chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr., ang mga naging resulta ng mga isinagawang operasyon ay pawang nagpapakita lamang ng mas pinalakas na police visibility at mas pinaigting na koordinasyon ng mga lokal na mga otoridad sa pagpapanatili ng kaayusan.

Samantala, matatandaan naman na ilang mga human rights group ang nagpahayag ng kanilang posisyon para sa programa na kanilang tinawag na anti-poor.

Sa kabila nito, nanindigan ang PNP at maging ang DILG na ang pagppatupad ng striktong implementasyon nito ay hindi para parusahan ang publiko bagkus ay protektahan sila mula sa mga posibleng krimen at gawing ligtas ang mga komunidad.



# Ika-16 na MMCA sa WPS, matagumpay na natapos

Matagaumpay na natapos ng Pilipinas kasama ang United States at Australia ang ika-16 na Multilateral Maritime Cooperative Activity sa West Philippine Sea na siyang unimpigahan nitong Abril 9 hanggang Abril 12.

Ayon kay Armed Forces of the Philippine (AFP) Public Affairs Office Chief Col. Xerxes Trinidad, ang MMCA na ito ang ikalawang pagsasanay na siyang dinaluhan ng US At Australia kung saan ibinida ng mga bansang ito ang kanilang iba't ibang assets.Nakiisa sa pagsasanay ang mga barko ng Pilipinas na BRP Rajah Sulayman mula sa Philippine Navy at ang BRP Melchora Aquino na siya namang mula sa Philippine Coast Guard habang ginamit rin sa MMCA ang FA-50, C-208B Super Tucano aircraft at isang Sokol search-and-rescue helicopter mula sa Philippine Air Force.

Sa kabilang banda, ipnadala ng US ang kanilang USS Ashland (LSD-48) habang itinalaga naman ng Australian Defense Force ang kanilang HMAS Toowoomba (FFH156) na siyang suportado ng MH-60R chopper at isa pang P-8A Poseidon Aircraft.

Isinagawa naman sa naturang pagsasanay ang iba't ibang mga maritime drills gaya ng replenishment-at-sea approaches, communications exercises, maritime domain awareness activities, tactical manuevering, night operations at flyby drills.

Sa huli, nangako ang AFP na patuloy na magsasagawa ng ganitong mga pagsasanay para sa mas pinalakas na ugnayan ng Pilipinas sa iba pang kaalyadong bansa.

Layon aniya nito na tiyakin ang maritime security, maproteksyunan ang pambansang interes at makibhagi sa pagpapanatili ng kapayapaan at stability sa Indo-Pacific Region.

# Presyo ng krudo at gasolina, imposibleng maibalik sa P60/litro – Sec. Garin

Inihayag ng Department of Energy (DOE) na imposible nang maibalik sa P60/litro an mga presyo ng krudo at petrolyo bunsod ng naging mga epekto ng giyera sa Gitnang Silangan.

Ayon kay Energy Secretary Sharon Garin, ito ay dahil sa mga naging structural damages na siyang isa sa mga naging epekto ng giyera sa rehiyon kung saan binigyang diin rin ng kalihim na wala pa rin kaing kasiguruhan kung kailan matitigil ang digmaan at kung gaano katagal ang gugugulin para sa pagsasaayos ng mga oil-related facilities.

Ani Garin, kung dalawang linggo lamang tumagal ang sigalot, mas may posibilidad pang manumbalik sa dating mga presyo nito ngunit dahil sa ilang linggo na rin ang nkalipas, hindi aniya magiging mabilis ang pagbaba ng presyo ng nga naturang produkto.

Samantala, sa kabila naman nito ay tiniyak ni Garin na patuloy lamang ang pamahalaan sa pamamahagi ng mga fuel subsidies para sa mga drivers na apektado ng mataas na presyo ng petrolyo.

Maliban aniya dito, may iba pang mga programa na ilulunsad para maibsan ang epekto ng mataas na presyo ng krudo sa mga motorista gaya ng pagpapatupad ng mga discounts para sa mga jeepney drivers na nakikitang maibibigay sa mga tsuper ng tatlo hanggang apat na buwan.

# SINAG, hinimok ang gobyerno na 'wag ituloy ang pagbabawas ng taripa sa imported na karne at mais

Nanawagan ang Samahang Industriya ng Agrikultura (SINAG) sa pamahalaan na huwag ituloy ang planong pagbabawas ng taripa sa imported na baboy, manok, at mais dahil sa epekto umano nito sa lokal na sektor ng agrikultura.

Ayon sa SINAG, ang anumang pagbawas sa taripa ay maaaring makasama sa mga lokal na magsasaka at magpapataas pa ng pagdepende ng bansa sa imported na pagkain.

Babala pa nila, maaari itong magdulot ng mas mataas na presyo at mas malalang food insecurity sa halip na makatulong sa merkado.

Ipinunto rin ng grupo na kahit dumami ang importasyon ng karne, hindi pa rin ito awtomatikong nagpapababa ng presyo sa lokal na merkado. Dagdag pa ng SINAG, malaki ang itinaas ng importasyon ng baboy at manok sa mga nakalipas na taon, ngunit nananatiling mataas ang retail prices kumpara sa farmgate prices.

Samantala, naunang nanawagan ang Foundation for Economic Freedom (FEF) na bawasan ng 5% ang taripa sa imported na mais upang mapababa umano ang presyo ng karne, dahil malaking bahagi ng pagkain ng hayop ay mula sa mais.



Ayon pa sa FEF, ang mataas na taripa sa mais ay nakaaapekto sa presyo ng baboy at manok dahil umaabot sa 50% hanggang 70% ang gastos ng pagkain para sa baboy at manok.

Kasabay nito, inaasahan naman ang pagbaba ng presyo ng produktong petrolyo ngayong linggo matapos ang ilang linggong pagtaas dulot ng digmaan sa Middle East.

Gayunpaman, ayon sa Department of Energy, inaasahang magkakaroon ng rollback sa presyo ng gasolina at diesel sa darating na linggo, kung saan tinatayang bababa ang presyo ng diesel, gasolina, at kerosene batay sa galaw ng international oil market.

# Health rumors kay PBBM at Speakership coup, 'propaganda' umano na iniuugnay sa VP Sara impeachment

Ikinonekta ni Bicol Saro Party-list Rep. Terry Ridon ang pagkalat ng mga balita tungkol sa umano'y paghina ng kalusugan ni Pres Ferdinand Marcos Jr. at planong pagpapatalsik kay House Speaker Faustino "Bojie" Dy III sa isinusulong na impeachment laban kay VP Sara Duterte.

Ayon kay Ridon, bahagi umano ito ng isang "propaganda war" na layong lituhin at pigilan ang mga mambabatas sa paglahok sa impeachment proceedings. Naniniwala siyang nagmumula ang mga naturang isyu sa mga kaalyado ng Bise Presidente upang maapektuhan ang desisyon ng mga miyembro ng Kamara.

Iginiit din ng mambabatas na walang sapat na basehan ang mga usap-usapang coup laban sa liderato ng Kamara, lalo na't nasa recess ang Kongreso at kinakailangan ng boto ng mayorya sa plenaryo upang mapalitan ang Speaker.

Samantala, paulit-ulit nang pinabulaanan ng Malacañang ang isyu sa kalusugan ng Pangulo at nagbabala laban sa pagpapakalat ng maling impormasyon. Para kay Ridon, si Duterte umano ang posibleng makinabang sa naturang mga isyu na aniya'y naglalayong pahinain ang proseso ng impeachment.

# Rep Sandro Marcos nais ipatigil muna ang bank fees sa gitna ng krisis

Nanawagan si House Majority Leader Sandro Marcos sa mga bangko na pansamantalang alisin ang ilang transaction fees upang mabawasan ang epekto ng Middle East crisis sa mga Pilipino. Sa ilalim ng House Resolution No. 905, layunin nitong magbigay ng agarang ginhawa lalo na sa mga umaasa sa ATM, online banking, at e-wallets.

Ayon kay Marcos, kahit maliit ang bayarin tulad ng ATM withdrawal at online transfer fees, lumalaki ito at nakakaapekto sa kita ng mga manggagawa at OFWs. Dagdag pa niya, mahalaga ang hakbang na ito upang makatulong sa gitna ng pagtaas ng presyo ng langis at inflation.

Hinikayat din niya ang Bangko Sentral ng Pilipinas na manguna sa pagpapatupad ng mga relief measures. Samantala, patuloy na pinag-uusapan ng pamahalaan ang iba pang solusyon tulad ng subsidiya at posibleng suspensyon ng fuel excise tax na pinahintulutan ni Ferdinand Marcos Jr.




Point VIEWER Publishing PVN

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!



papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.



INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# BauerTek Wins 2 Gold Medals and the Medicine Award at INVENTCOR 2026

The event recognized BauerTek Farmaceutical Technologies with its highest honors:

2 Gold Medals (Jamperine & ProNitroLite) – for outstanding pharmaceutical innovation and technical excellence.

Medicine Award (BauerTek Farmaceutical Technologies, Inv.Richard Nixon Gomez, CNP & Inv. Rigel Gomez, CNP) – a prestigious Special Distinction honoring their significant contributions to the global healthcare industry.

INVENTCOR 2026 featured over 500 inventions and projects from more than 40 countries.

This recognition celebrates the work of BauerTek and the groundbreaking inventions of father-and-son duo Richard Nixon Gomez and Rigel Gomez. Their award-winning innovations are:

Jamperine – most powerful anti-diabetic food supplement

PNL Ultra Energy – weight loss, increased endurance, enhanced performance, anti-inflammatory

These milestones highlight BauerTek's work to make healthcare better through innovation.




06 April 2026 – Deva, Romania – The Philippines has been honored with 2 Gold Medals and the Medicine Award at the International Exhibition of Inventiveness and Innovation – INVENTCOR 2026

# MPD, pansamantalang isinuspindi ang paghuli sa mga mamamataang walang suot pangitaas



Pansamantala munang isinuspindi ng Manila Police District (MPD) ang striktong implementasyon ng ordinansang naglalayong multahan ang mga maaabutang walang suot na pangitaas sa mga lansangan.

Ito ay matapos na magkaroon ng iba't ibang sentimiyento ang publiko hinggil sa implementasyon nito na siya aniyang 'anti-poor'.

Batay sa inilabas na direktiba na siyang epektibo nitong Abril 11, inatasan ang lahat ng operating units at tauhan na kabilang sa Oplan Galugad at iba pang anti-criminality operations na iwasan ang pagsasagawa ng mga aksyong nagpapakita ng pagpaparusa.

Sa halip na magisyu ang mga otoridad ng mga multa, inatasan ang mga ito na magbigay muna ng mga warnings at magsagawa ng mga information drives para sa mga umiiral na ordinansa at community standards. Ang hakbang aniya na to ay naglalayon na mas paigtingin ang mga makataong pagpapatupad ng mga polisiya para sa pagpapanatili ng puclic order.

Samantala, nilinaw naman ng MPD na sa kabila ng mga bagong direktiba na ito, mahigpit pa rin na ipapatupad ang mga operasyon para sa mga lumalabag sa mga umiiral na ordinansa sa curfew hours at maging sa pagiinom ng alak sa mga lansangan.

## Kampo ni VP Sara, hindi nababahala sa magiging pag-testigo ni Madriaga sa gaganaping impeachment hearing ngayong linggo

Sinabi ng kampo ni Vice President Sara Duterte na sa kabila ng magiging pag-testigo ni Ramil Madriaga sa magiging impeachment hearing sa Martes, hindi sila nababahala sa magiging epekto nito sa buong resulta ng pagdinig.

Sa isang panayam, inihayag ni Atty. Salvador Panelo na ang mga nauna nang pahayag ni Madriaga ay pawang mga kasinungalingan lamang at kapag dinala na aniya ang impeachment sa tamang forum gaya ng senado ay mas mapapatunayang peke at walang katotohanan ang kaniyang mga pahayag.

Dagdag pa ni Panelo, ang tanging ikinababahala lamang ng panig ng Bise Presidente ay baka umano maniwala ang komite sa mga kasinungalingan ito lalo na at pawang mga kalaban umano sa politika ng Pangalawang Pangulo ang mga bumubuo ng House Justice Committee.Samantala, sa isang kautusan mula sa Manila Regional Trial Court nitong Miyerkules, pinayagan na ng korte na dumalo si Madriaga sa magiging pagdinig ng Kamara de Representantes para sa pagtalakay sa impeachment ni VP Sara. Nakasaad sa kautusan na bagamat pinapayagan ang pagdalo nito sa hearing ay dapat aniyang mayroong proper jail escort si Madriaga at papayagan lamang simula 8:00am hanggang 5:00pm ng hapon.

## Sen Gatchalian, nais silipin digitalization program ng BIR bago tax deadline



Nais ni Senador Sherwin Gatchalian na imbestigahan ang estado ng digitalization program ng Bureau of Internal Revenue habang papalapit ang Abril 15 deadline ng paghahain ng income tax returns (ITRs). Sa kanyang Senate Resolution No. 316, sinabi ni Gatchalian na mahalagang mapabilis ang digitalization upang maging mas madali at accessible ang pagbabayad ng buwis. Aniya, makatutulong ito sa pagpapahusay ng koleksyon ng gobyerno. Binanggit din ng senador na 85 porsyento ng koleksyon ng BIR noong Pebrero ay dumaan sa electronic payments, patunay umano na handa na ang ahensya para sa full digital shift. Nakapaloob sa Ease of Paying Taxes A

# DOST Ilocos Region Builds Disaster-Ready Workforce Through DRRM Capacity Building Activity

The morning session opened with Mr. Michael John C. Maquiling, who provided an in-depth overview of the Philippine DRRM System, emphasizing its framework, key pillars, and the roles of various agencies. He highlighted DOST's critical role in delivering science-based solutions and technologies to enhance disaster preparedness and response. Mr. Maquiling also guided participants through the Public Service Continuity Plan (PSCP), ensuring that essential operations can be maintained during emergencies.

Following this, Mr. Edrussell S. Castillo introduced the DOST workforce to various DRRM technologies, including HazardHunterPH, GeoAnalyticsPH, PANAHON, and the SOLIDO DRRM Knowledge Hub. He also presented the newly launched HANDA Integrated Platform, designed to provide accessible, integrated digital solutions for effective disaster risk management.


The afternoon session focused on fire safety, led by SFO1 Al Zandrick Macuroy of the Bureau of Fire Protection – San Fernando City, La Union, together with FO1 John Samuel L. Olbinado. They delivered a lecture on Fire Safety and Basic Fire Response in the Workplace, equipping the workforce with essential knowledge on fire prevention, proper response, and workplace safety protocols.

Participants then engaged in a hands-on fire drill and fire suppression activity, where they practiced using fire extinguishers and applied safety techniques in simulated emergency scenarios. This practical experience ensured that the workforce could respond effectively during real-life incidents.

In her closing remarks, Assistant Regional Director for Technical Services Ms. Racquel Espiritu emphasized the importance of continuous preparedness and reaffirmed DOST's commitment to fostering a safe and resilient workplace. She also highlighted inclusive participation, ensuring that all members of the workforce are equipped with the skills and knowledge to respond to emergencies.

This initiative reflects DOST Ilocos Region's commitment to building a disaster-ready workforce capable of managing emergencies, including fire-related incidents, while safeguarding lives, property, and continuity of services.

**(Edrussell Castillo and Aryan Joy Soliman)**



**In line with the celebration of Women's Month and Fire Prevention Month, the Department of Science and Technology Ilocos Region (DOST Ilocos Region), through the leadership of Regional Director Teresita A. Tabaog, successfully conducted a Capacity Building Activity on Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) and Disaster Preparedness on March 31, 2026, at the DOST Ilocos Region Multipurpose Hall in City of San Fernando, La Union. The activity brought together the DOST workforce from regional and provincial offices to strengthen their readiness in responding to disasters and emergencies.**

# DFA, tiniyak na konstitusyon ang masusunod sa oil at gas exploration kasama ang China

Tiniyak ng Department of Foreign Affairs (DFA) na ang anumang joint oil at gas exploration sa China o iba pang bansa ay susunod sa Konstitusyon at umiiral na batas, habang pinapanatili ang sovereign rights ng Pilipinas sa exclusive economic zone (EEZ) at continental shelf nito.

Ayon sa ahensya, iniutos ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na tuklasin ang lahat ng legal na opsyon para sa energy security sa gitna ng global oil uncertainties at energy concerns.

Kasunod ito ng panawagan ng mga mambabatas para sa transparency sa usapin ng joint exploration sa West Philippine Sea.

Iginiit ng DFA na ang anumang kasunduan ay dapat nakaangkla sa soberanya ng Pilipinas, international law, at mapayapang resolusyon ng salungatan.




# DFA, itinangging kulang sa transparency ang MOU talks sa pagitan ng PCG at CCG

Itinanggi ng Department of Foreign Affairs (DFA) ang alegasyon na kulang sa transparency ang mga talakayan sa panukalang pagbabago sa memorandum of understanding (MOU) sa pagitan ng Philippine Coast Guard (PCG) at China Coast Guard (CCG).

Ayon sa DFA, hindi umano lihim o unilateral ang usapan at may buong kaalaman at partisipasyon ang PCG.

Binigyang-diin ng DFA na ang mga usapan ay dumaraan sa tamang diplomatic channels at naiuulat sa mga pangunahing opisyal, kabilang ang National Security Adviser at Kalihim ng Foreign Affairs at PCG Commandant.

Dagdag pa rito, limitado lamang ang saklaw ng amendments at hindi kasama ang joint patrols o sensitibong operasyon.Ang kasunduang unang nilagdaan noong 2016 ay kasalukuyang tinatalakay mula pa 2024 upang ma-update.

Bago rin ang Bilateral Consultation Mechanism (BCM) meeting noong Marso, iniulat na ni PCG Commandant Admiral Ronnie Gil Gavan noong Enero ang estado ng negosasyon.

Layunin aniya nitong buhayin ang Joint Coast Guard Committee bilang pormal na linya ng komunikasyon.

Ayon sa DFA, ang hakbang ay alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na panatilihin ang dayalogo sa China habang pinangangalagaan ang soberanya ng ating bansa at ang 2016 arbitral ruling.

# 342 OFWs mula sa Middle East, nakatanggap ng medical at psychosocial support mula sa DOH

Ligtas na nakabalik sa bansa ang nasa 342 na Overseas Filipino Workers (OFWs) at kanilang mga pamilya mula sa Gitnang Silangan, kung saan agad silang sinalubong ng komprehensibong tulong medikal mula sa Department of Health (DOH).

Pasado alas-3:00 ng hapon kahapon, Abril 10, nang lumapag mula sa Abu Dhabi ang mga umuwing Pilipino.

Ito na ang ika-walong chartered flight na inorganisa ng pambansang pamahalaan upang mailikas ang mga kababayang naipit sa lumalalang sigalot sa rehiyon.

Pinangunahan ni DOH Secretary Ted Herbosa, katuwang ang Department of Migrant Workers (DMW), ang pagsalubong sa mga repatriates.

Alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na tiyakin ang maayos na kalagayan ng mga umuwing Pilipino, agad na nagkasa ng medical desk ang National Center for Mental Health.

Sumailalim ang mga OFWs sa libreng konsultasyon, blood pressure monitoring, at glucose testing.

Binigyan din ng prayoridad ang pag-aalok ng mental health at psychosocial support upang matulungan silang makabangon mula sa trauma ng giyera.

Kasabay nito, namahagi ang ahensya ng mga libreng gamot, kabilang ang mga pain reliever at lunas para sa altapresyon, dehydration, at allergies.

Para naman sa mga indibidwal na natukoy na nangangailangan ng mas malalim at tuluy-tuloy na gamutan, inisaayos ng DOH ang isang referral system sa pamamagitan ng Health Emergency Management Bureau.

Tiniyakin ng nasabing sistema na walang mapapabayaan sa mga repatriates sa pamamagitan ng direktang pag-uugnay sa kanila sa mga health facility para sa madaliang pag-iiskedyul ng konsultasyon pag-uwi nila sa kani-kanilang mga probinsya.




# DHSUD, magpapatupad ng compressed workweek dahil sa energy crisis

Magpapatupad ng compressed workweek ang Department of Human Settlements and Urban Development mula Abril 13 hanggang 17, 2026, bilang tugon sa umiiral na energy crisis sa bansa.

Ayon sa anunsyo ng ahensya sa kanilang opisyal na social media page, ang hakbang ay alinsunod sa Memorandum Circular 114 na nag-aapruba sa four-day onsite work arrangement sa ilang tanggapan ng gobyerno.

Sa ilalim ng bagong iskedyul, bukas ang central at regional offices ng DHSUD mula ala-7 ng umaga hanggang ala-6 ng gabi sa Abril 13 hanggang 16.

Mula Abril 17, Biyernes, skeletal workforce lamang ang naka-duty sa ahenya sa oras na alas-8 ng umaga hanggang ala-5 ng hapon.

# Payak na pamumuhay sa gitna ng oil crisis inapela ng isang obispo sa mga lider ng simbahan

Umapela si San Carlos Bishop at Caritas Philippines President Gerardo Alminaza sa mga kaparian, mga consecrated persons, at lay leaders na yakapin ang mas simpleng pamumuhay bilang pakikiisa sa mga mahihirap na labis na pinadapa ng umiiral na krisis sa langis.Mga Agham Panlipunan

Sa pamamagitan ng isang pastoral letter, binigyang-diin ng obispo ang matinding epekto ng global oil shortage na nag-ugat sa patuloy na giyera sa Gitnang Silangan.

Ayon sa prelado, ang tunay na misyon ng simbahan ay makikita sa daily realities around us, partikular na sa kalagayan ng mga mangingisda at mga tsuper na hindi na kayang tustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya dahil sa krisis.

Hinimok ni Alminaza ang mga lider ng Simbahang Katolika na harapin ang isang difficult truth.

Ipinaalala rin ng obispo na habang patuloy na humihingi ang publiko ng pananagutan mula sa mga tiwaling opisyal ng gobyerno at malalaking korporasyon, kinakailangan din umanong mag-practice ng accountability sa loob ng simbahan ang mga kaparian at maging handang magsakripisyo.

Bilang pagtatapos, nanawagan si Alminaza na ibigay nang direkta sa mga nangangailangan ang anumang matitipid ng simbahan sa halip na itago ito.

# Proteksyon sa mga menor de edad laban sa sindikato, idinepensa ng PNP sa pag-arangkada ng curfew; koordinasyon sa DSWD, pinalakas

Iginiit ng Philippine National Police (PNP) na ang mahigpit na pagpapatupad ng curfew sa mga menor de edad ay isang mahalagang hakbang upang ilayo ang mga kabataan sa impluwensya ng mga sindikato, kasabay ng pagtiyak ng mahigpit na koordinasyon sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) upang hindi maulit ang matinding siksikan sa mga youth shelters.



Ayon kay PNP Chief Police General Jose Melencio Nartatez, Jr., pangunahing layunin ng kanilang kampanya sa ilalim ng Safer Cities Initiative na protektahan ang mga kabataan.

Binalaan ng opisyal na madalas na sinasamantala ng mga kriminal at sindikato ang mga menor de edad na pakalat-kalat sa lansangan upang magamit sa iba't ibang uri ng kriminalidad.

Upang mapawi ang pangamba ng publiko at ng iba't ibang sektor, nakikipag-ugnayan na ang pulisya sa DSWD bilang paghahanda sa inaasahang pagdami ng mga sasagiping bata sa mga isasagawang nighttime operations.

Ginawa ng PNP ang hakbang matapos maglabas ng matinding pagkabahala ang Children's Legal Rights and Development Center (CLRDC) hinggil sa posibleng mabilis na pag-apaw ng kapasidad ng mga Bahay Pag-asa kung daan-daang bata ang huhulihin sa loob lamang ng isang gabi.

Hinimok ng CLRDC ang Department of the Interior and Local Government (DILG) na muling pag-aralan at repasuhin ang polisiya ng malawakang curfew sa buong Metro Manila.

Binalikan ng grupo ang kinahinatnan ng anti-loitering campaign noong taong 2018, kung saan ang kawalan ng maayos na sistema ay nagresulta umano sa overcrowding at mga napaulat na kaso ng maling pagtrato sa mga kabataan sa loob ng mga pasilidad ng gobyerno.

Bilang tugon, tiniyak ng pamunuan ng pulisya na isasaalang-alang ang kapakanan ng mga bata at hindi lalabagin ang kanilang mga karapatan sa pagpapatupad ng batas.



# P105-M cash relief assistance naipamahagi ng DSWD sa mahigit 21-K na mga tricycle drivers

₱105-M CASH RELIEF ASSISTANCE, NAIPAMAHAGI NA NG DSWD SA HIGIT 21,000 TRICYCLE DRIVERS SA MGA PROBINSYA

Pumalo na sa higit ₱105 milyon ang kabuuang halaga ng tulong pinansyal na naipamahagi ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) upang maibsan ang pasanin ng mahigit 21,000 na mga tricycle drivers na nag-ooperate sa labas ng Metro Manila.

Sa ikalawang araw ng pamamahagi ng cash relief assistance, kinumpirma ni DSWD Assistant Secretary Irene Dumlao na matagumpay na naiabot ang tig-₱5,000 na ayuda sa mga kwalipikadong tsuper mula sa mga rehiyon ng Ilocos, Central Luzon, CALABARZON, Negros Island Region, Davao, at SOCCSKSARGEN.

Ang naturang pamamahagi ay alinsunod sa direktiba ng pambansang pamahalaan na magbigay ng kagyat na interbensyon para sa sektor ng transportasyon na patuloy na umiinda sa epekto ng walang-humpay na pagtaas ng presyo ng krudo sa bansa.

Ayon pa kay Dumlao, tiniyak ng ahensya na hindi rito matatapos ang pamamahagi.

Magpapatuloy ang serye ng payouts sa mga susunod na araw upang tuluyang maabot at masaklaw ang iba pang target na benepisyaryo sa iba't ibang panig ng Pilipinas.West Philippine Sea

Samantala, nagpaabot naman ng pasasalamat ang mga tsuper na nakatanggap ng ayuda, kung saan inihayag nilang ang ₱5,000 na halaga ay malaking pandugtong sa kanilang pang-araw-araw na gastusin at pangangailangan ng pamilya sa gitna ng matinding hamon sa ekonomiya.

# Kakaibang liwanag sa langit na namataan nitong weekend, dulot ng pagdaan ng Chinese rocket — PhilSA

Nilinaw ng Philippine Space Agency (PhilSA) na ang kakaibang liwanag na nakita sa iba't ibang bahagi ng bansa noong Abril 11, Sabado ng gabi ay dulot ng pagdaan ng inilunsad na Jielong-3 rocket.

Namataan ang kakaibang liwanag sa Pangasinan at Tarlac.

Ayon sa ahensya, inilunsad ang rocket bandang alas-7:32 ng gabi mula sa disputed waters (South China Sea), at posibleng ito rin ang nakita sa kalangitan bandang alas-7:40 ng gabi noong Abril 11, 2026.

Tinawag ng PhilSA ang phenomenon na "space jellyfish," kung saan ang usok ng rocket sa mataas na atmosphere ay naiilawan ng araw habang madilim na sa lupa, kaya nagmumukhang makinang at tila hugis-dikya na liwanag sa kalangitan.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
Las Piñas City

OFFICE OF THE CLERK OF COURT
AND EX-OFFICIO SHERIFF

CTBC BANK (PHILIPPINES) CORPORATION,
Mortgagee,

FORECLOSURE NO. F-26-023
EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

SPOUSES ANTHONY J. DE GUZMAN & PRICILLA G. DE GUZMAN,
Mortgagor/s.
x-------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon verified petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by the Mortgagee/s CTBC BANK (PHILIPPINES) CORPORATION, with office/ business/residence address at 16th to 22nd Floors, Fort Legend Tower, 31st Street corner 3rd Avenue, Bonifacio Global City, Taguig, Metro Manila, against the Mortgagor/s/Debtor/s SPS. ANTHONY J. DE GUZMAN & PRICILLA G. DE GUZMAN, with residence/postal/office address at L4-B-2-B-2-B-5-C-1 Florentina St., Ramos Compound, Vergonville Subd., Brgy. Pulang Lupa Dos, Las Piñas City, to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 30, 2026 amounts to Php765,359.05 including/excluding interests, penalties, charges, attorney's fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned OIC/Clerk of Court and Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Las Piñas City or any of the Deputy Sheriffs will sell at public auction on **May 29, 2026** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the ground floor (main entrance) of the Hall of Justice of Las Piñas City to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following described real property/ies, together with all the improvements existing thereon to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. T-97093**

A parcel of land (Lot 4-B-2-B-2-B-5-C-1 of the subd. plan (LRC) Psd-377495 approved as a non-subd. Project, being a portion of Lot 4-B-2-B-2-B-5-C, Psd-00-055184, LRC Rec. No. N-29662), situated in the Bo. of Pulang Lupa Dos, Mun. of Las Piñas, Prov. Of Metro Manila, Is. of Luzon. Bounded on the NE., pts. 3 to 4 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-B, Psd-00-05581 (Existing Alley), on the SE., pts. 4 to 5 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-D, Psd-00-055184, on the SW., pts. 5 to 1 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-C-2 of the subd. plan. X x x x x x containing an area of ONE HUNDRED (100) SQUARE METERS, more or less. X x x x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date. In the event the public auction should not take place on the said date. It shall be held on **June 19, 2026** without further notice.

Las Piñas City, this 10th day of April 2026.

**(SIGNED)**
**LEAMOR BATILES GARCIA**
Officer-In-Charge

**(SIGNED)**
**DON LYNWEN ARON L. RAMOS**
Deputy Sheriff

Warning

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sale on or before the date of sale under penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 20, 27 & May 04, 2026**




# Rep Ridon, tinawag na "sayang sa papel" ang bagong petisyon vs impeachment ni VP Duterte

Iginiit ni House justice panel member Bicol Saro Party-list Rep. Terry Ridon na walang saysay ang pani-bagong petisyon sa Supreme Court na naglalayong pigilan ang impeachment proceedings laban kay VP Sara Duterte. Ayon sa kanya, inuulit lamang nito ang mga naunang argumento at wala nang bagong inilalatag, kaya't tila "nagsasayang lang ng papel" ang mga naghain nito. Ang ikatlong petisyon ay inihain ng ilang abogado at grupo, kabilang ang mga kaalyado ng Bise Presidente, na katulad din ng naunang mga mosyon mula sa kampo ni Duterte at ni Atty Israelito Torreon. Giit ni Ridon, dapat agad itong ibasura dahil pakikialam lamang ito sa isang kasong hindi naman sila direktang sangkot.

Sa kabila nito, naninindigan si Ridon na tuloy ang pagdinig sa Abril 14, anuman ang mga hakbang na ginagawa ng kampo ng Bise Presidente. Wala pa ring inilalabas na temporary restraining order ang Korte Suprema, bagama't pinagsama na nito ang naunang dalawang petisyon.

Samantala, binatikos din ni Manila 3rd district Rep. Joel Chua ang serye ng mga petisyon at tinawag itong "dilatory tactic" o paraan upang pabagalin ang proseso. Binigyang-diin niya na nananatiling konstitusyonal, legal, at nakabatay sa ebidensya ang impeachment proceedings, at walang sapat na batayan upang ito'y ihinto.



# Malaking personalidad dawit sa flood control, ibubunyag ni ex-Ilocos Sur Gov. Chavit Singson sa senado



Handang isiwalat ni former Ilocos Sur Governor Chavit Singson ang kanyang nalalaman ukol sa natuklasang anomalya sa flood control projects ng pamahalaan.

Aniya'y mayroon malaking personalidad ang kanyang babanggitin sa oras na ito'y tumayo o humarap sa isasagawang pagdinig ng senado.

Sa naging pagtatanong sa dating gobernador, kanyang tiniyak na magbabanggit ito ng mga pangalan sangkot sa isyu ng flood control.

Subalit nang tanungin naman kung sino o anong partikular na posisyon ito, tumanggi na siyang ibahagi sapagkat giit niya'y sa senado na lamang niya ito sasagutin.

Ayaw aniyang pangunahan ang pagdinig ng Senate Blue Ribbon Committee ukol sa imbestigasyon sa naturang kontrobersyal na mga proyekto. Gayunpaman, pagtitiyak pa niya'y dadalo at magpapakita ito saA magaganap na 'hearing' sakali man siya'y imbitahan o ipatawag ng komite ng senado.

Sa kabila nito, ipinagpaliban muna ng Senado ang nakatakda sanang muling pagbabalik ng komite para ipagpatuloy ang pagdinig sa imbestigasyon sa flood control.

Dapat sana itong isasagawa sa ika-14 ng Abril ngunit hindi matutuloy sapagkat hinihintay pa na pormal isumite ni former Gov. Singson ang kanyang affidavit.

Pati pirma ng ilang mga senador at iba pang rason ay ikinunsidera din sa pagpaliban ng nakatakdang petsa.

Itinanggi naman ng dating gobernador na siya ang dahilan kung bakit hindi natuloy ang naturang pagdinig.

Aniya'y handa raw siya na dalhin sa senado ang kanyang salaysay anuman oras sakaling hingin ni Sen. Panfilo Lacson, nagsisilbi bilang Chairperson ng Senate Blue Ribbon Committee.

Tumanggi ng ibahagi pa ni former Gov. Singson ang nilalaman ng kanyang salaysay o 'affidavit' na planong isumite sa komite o tanggapan ng senado.

# DFA, nakapagtala ng tuloy-tuloy na repatriation requests ng mga Pinoy sa gitna ng tensyon sa Middle East

Iniulat ng Department of Foreign Affairs na patuloy itong tumatanggap ng mga kahilingan para sa repatriation mula sa mga Pilipino sa gitna ng umiigting na tensyon sa Middle East. Umabot na sa 1,451 ang kabuuang requests, kung saan 945 ang natulungan o nakauwi na, habang 506 pa ang nakabinbin.

Pinakamarami ang naitalang kahilingan sa Dubai kasunod ang Doha. Ayon sa DFA, patuloy nitong mino-monitor ang sitwasyon sa rehiyon sa kabila ng umiiral na pansamantalang ceasefire, dahil may mga ulat pa rin ng aerial attacks.

Naitala rin ang pagtaas ng requests sa United Arab Emirates, lalo na sa Dubai kung saan may daan-daang kaso pa ang hinihintay na aksyon. Sa ngayon, libu-libong Pilipino na ang natulungan makauwi, kabilang ang mga OFWs at kanilang mga dependents.

Samantala, nakatakda ang panibagong repatriation flight sa Abril 13 bilang bahagi ng tuloy-tuloy na operasyon ng gobyerno. Nanatiling naka-alerto ang DFA at ang mga embahada nito sa rehiyon upang tiyakin ang kaligtasan ng mga Pilipino at hinihikayat ang mga ito na manatiling mapagmatyag at makipag-ugnayan sa mga opisyal.





# Pagpasa ng bicycle act at tax incentives sa mga kumpanya, isinusulong bilang tugon sa krisis sa langis

**PAGPASA NG BICYCLE ACT AT TAX INCENTIVES SA MGA KUMPANYA, ISINUSULONG BILANG TUGON SA KRISIS SA LANGIS**

Upang maibsan ang pasanin ng mga Pilipino sa patuloy na pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo dulot ng gulo sa Middle East, isinusulong ngayon sa Kamara ang pagpasa ng Philippine Bicycle Act na magbibigay ng tax incentives sa mga negosyong susuporta sa alternatibong transportasyon.

Iginiit ni Quezon City 5th District Representative Patrick Michael Vargas ang agarang pag-apruba sa House Bill No. 7106.

Ayon sa mambabatas, ang panukala ay isang multi-layered na solusyon na sasagot sa lumalalang krisis sa transportasyon at matinding trapiko sa mga pangunahing lungsod.

Layon nitong bawasan ang pagdepende ng bansa sa mahal na inaangkat na langis sa pamamagitan ng paggamit ng bisikleta.

Binigyang-diin din ni Vargas na napapanahon ang pagpasa ng batas kasabay ng paggunita ng Month of the Planet Earth ngayong Abril.

Nakatuon ang panukala sa pagpapalaganap ng environment-friendly at health-promoting na paraan ng pagbiyahe.

Bilang hakbang, palalawakin at patatatagin ng batas ang mga bike lane networks na unang itinayo noong kasagsagan ng pandemya.

Hindi lamang pamahalaan ang inaasahang kikilos. Hinikayat din ng kongresista ang pribadong sektor na makiisa sa inisyatiba sa pamamagitan ng paglalagay ng mga bike-friendly na pasilidad sa kanilang mga tanggapan, tulad ng mga shower area at locker para sa mga empleyado.

# Geopolitical risks, itinuturong dahilan sa pagbaba ng foreign direct investments sa bansa na nasa $443-M noong Enero 2026

Nakapagtala ng kapansin-pansing pagbaba sa net inflows ng foreign direct investments (FDI) sa Pilipinas, na pumalo lamang sa US$443 milyon noong Enero 2026, sa gitna ng patuloy na pangamba sa umiigting na geopolitical risks sa buong mundo.

Batay sa pinakahuling ulat na inilabas ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), ang naitalang halaga ng pumasok na puhunan sa unang buwan ng kasalukuyang taon ay mas mababa kung ikukumpara sa datos na nakuha sa kaparehong panahon noong Enero 2025.

Ipinapakita ng mga opisyal na talaan na malaki ang naging epekto ng mga pandaigdigang tensyon sa naging pasya ng mga banyagang mamumuhunan, na nagdulot ng pag-atubili at pagbagal sa pagpasok ng pondo sa merkado ng Pilipinas.

Sa kabila ng pangkalahatang pagbaba ng mga pumasok na pondo, nananatiling matatag ang kumpiyansa ng ilang bansa.

Lumalabas sa ulat ng BSP na ang Japan pa rin ang nangunang pinagmulan ng mga pamumuhunan para sa nasabing buwan.

Bukod sa Japan, nakatanggap din ang bansa ng mga equity capital placement" na nagmula sa Estados Unidso at South Korea.

Ayon pa sa datos, ang bulto ng mga pondong ito ay direktang ibinuhos sa sektor ng manufacturing, na patuloy na itinuturing bilang isa sa mga pinakamahalagang haligi sa paglago ng pambansang ekonomiya.

Maliban dito ay nakinabang din sa mga nasabing pamumuhunan ang mga sektor ng real estate gayundin ang wholesale and retail trade

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT &**
**EX-OFFICIO SHERIFF**
MUNTINLUPA CITY
(rtc1munocc@judiciary.gov.ph / (02)8247-7347 / 09610571730)

**PHILIPPINE NATIONAL BANK,**
**in its capacity as assignee-mortgagee**
**of PNB Savings Bank,**
Petitioner-Mortgagee,

**FORECLOSURE NO. E-26-019**

-versus-

**JOSEPHINE J. BERNABE,**
Respondent-Debtor/Mortgagor.
x-----------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118, filed by **PHILIPPINE NATIONAL BANK, in its capacity as assignee-mortgagee of PNB Savings Bank, Petitioner-Mortgagee,** with postal address at PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard, Pasay City, Metro Manila, against **JOSEPHINE J. BERNABE, Respondent-Debtor/ Mortgagor,** with postal addresses at 17 Bogambilya St., Tahanan Village, Parañaque City and/or No. 17 Bogambilya Street, Tahanan Village, Barangay BF , Parañaque City and/or Unit B 8th Floor, Hudson Place Tower 1, Tribeca Private Residences Condo., Km 21 East Service Road, South Super Highway, Brgy. Sucat, Muntinlupa City, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of January 31, 2026, amounts to **THREE MILLION TWO HUNDRED TWENTY THREE THOUSAND ONE HUNDRED SIXTY ONE PESOS AND 67/100 CENTAVOS (Php3,223,161.67), Philippine Currency,** inclusive of interest, penalties and other agreed charges, the Clerk of Court and Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court, Muntinlupa City, thru **MR. MARIONITO M. BIHAG,** Sheriff-in-Charge, shall sell at public auction on **MAY 12, 2026 at 10:00 o'clock in the morning, or soon thereafter, at the Main Entrance of the Hall of Justice, Tunasan, Muntinlupa City,** to the highest bidder, for CASH AND/OR MANAGER'S CHECK, and in Philippine Currency, the following property/ies with all its improvements, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 014-2023000780**

UNIT 8-B – DELUXE SUITE – LOCATED AT THE 8TH FLOOR, WITH AN AREA OF THIRTY THREE (33.00) SQ. M., MORE OR LESS AND FORMING PART OF TRIBECA PRIVATE RESIDENCES-HUDSON PLACE TOWER I, SUCAT, MUNTINLUPA CITY.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 146348 which embraces and describes the land located at MUNTINLUPA CITY with an area of ONE THOUSAND NINE HUNDRED FORTY-NINE (1949) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: JOSEPHINE J. BERNABE, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZEN

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, the auction sale shall be held on **May 27, 2026** at the same time and place without further notice.

Prospective buyers and bidders may investigate for themselves the Title herein above described and encumbrances thereon, if any, there be.

Muntinlupa City, March 5, 2026

**(SIGNED)**
**MARIONITO M. BIHAG**
RTC Branch 203
Sheriff-in-Charge

**(SIGNED)**
**ATTY. CHARMAINE C. APOLINARIO-JIMENEZ**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

WARNING

IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE, OR DESTROY THIS NOTICE OF SALE ON OR BEFORE THE DATE OF SALE UNDER THE PENALTY OF LAW.

Copy Furnished:

**1. ATTY. EDGARDO M. BANAAG**
Counsel for Petitioner-Mortgagee
Unit 2304, 23rd Flr., AIC Burgundy Empire Tower
ADB Ave. cor. Sapphire and Garnet Roads
Ortigas Center, Pasig City

**2. JOSEPHINE J. BERNABE**
17 Bogambilya St., Tahanan Village
Parañaque City

and/or

No. 17 Bogambilya Street, Tahanan Village
Barangay BF, Parañaque City

and/or

Unit B 8th Floor, Hudson Place Tower 1
Tribeca Private Residences Condo.
Km 21 East Service Road, South Super Highway
Brgy. Sucat, Muntinlupa City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 and 27, 2026**

# Mga guro at school heads, isinailalim sa nationwide orientations

Kasabay ng mga ikinasang malawakang reporma sa sistema ng edukasyon, pormal nang sinimulan ng Department of Education (DepEd) ang serye ng mga orientation sessions sa buong bansa upang ihanda ang mga opisyal ng paaralan at mga guro sa nakatakdang paglipat sa three-term school calendar para sa papasok na School Year 2026–2027.

Ang naturang inisyatibo ay direktang utos ni DepEd Secretary Sonny Angara na naglalayong tiyakin na may sapat na gabay at suporta ang mga paaralan bago pa man tuluyang ipatupad ang mga bagong polisiya sa pagkatuto. Edukasyon

Binigyang-diin ng kalihim na mahalaga ang kahandaan ng mga nasa frontlines ng edukasyon.

Isa sa mga unang bahagi ng aktibidad ay idinaos noong Abril 8 sa Miriam College sa Quezon City, kung saan inilatag ng mga opisyal ang mga pagbabago sa ilalim ng Learning Systems strand.

Kabilang sa mga tinalakay ay ang revised classroom assessment and grading guidelines, pagpapalakas sa Senior High School curriculum, pagpapatupad ng flexible learning programs, at mga bagong panuntunan para sa work immersion at off-campus learning.

Alinsunod sa estratehiya ng DepEd, isasagawa ang mga orientation sessions sa pamamagitan ng isang phased approach.

Mauunang sumailalim dito ang mga regional at division officials at mga school heads na siyang magbababa ng impormasyon sa mga lokal na paaralan.

Nakatakda naman sa buwan ng Mayo ang mga hiwalay na sesyon para sa mga master teachers at classroom teachers.

Upang hindi maabala ang pahinga ng mga guro, mahigpit namang nilinaw ng DepEd na hindi sila obligado na pumasok o mag-report sa mga paaralan habang ipinapatupad ang kanilang 30-araw na bakasyon ngayong buwan ng Abril.



**Republic of the Philippines**
**National Capital Judicial Region**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**Regional Trial Court of Manila**
rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph
0991-958-7864

**EAST WEST BANKING CORPORATION,**
Petitioner/Mortgagee,

**Foreclosure No. 26-4983**

-versus-

**SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON AND MA. FE F. MACARAMBON,**
Mortgagor/Respondents.
x--------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on **February 26, 2026,** against the mortgagors, **SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON AND MA. FE F. MACARAMBON,** with last recorded address/es at (1) Unit 221 with Balcony Sorrel Residences, Brgy. 586 Zone 057, Sampaloc Manila; (2) 4b Lacson Street Herbosa, Brgy. Magsaysay, Tondo, Manila; (3) 04 Lacson Street, Tondo, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of February 13, 2026, amounts to PESOS: TWO MILLION NINE HUNDRED EIGHTY-SEVEN THOUSAND THREE HUNDRED NINETY-FIVE AND 98/100 **(Php2,987,395.98)**[1] pursuant to the **Omnibus Loan and Mortgage Agreement**[2], the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Manila, through her deputy, Sheriff **MICHAEL JEREMY R. SY,** will sell at public auction on **May 06, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court, Manila, Room 400, 4th Floor, Manila City Hall, to the highest bidder, for **cash or manager's check** and in Philippine Currency, the following property with all its improvements, more particularly described as follows:

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
DEPARTMENT OF JUSTICE
**Land Registration Authority**
QUEZON CITY
**Registry of Deeds for City of Manila**

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2020006397**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT 221 – A RESIDENTIAL 2-BEDROOM B (END UNIT), LOCATED AT THE SECOND FLOOR (ATRIUM LEVEL) OF "SORREL RESIDENCES", WITH A UNIT AREA OF 53.00 SQ. MTS., AND 9.00 SQ. MTS. BALCONY WITH A TOTAL AREA OF 62.00 SQ. MTS., MORE OR LESS.

In the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2011000635 which embraces and describes the land located at 3950 SOCIEGO STREET, STA. MESA, MANILA with an area of THREE THOUSAND EIGHT HUNDRED THIRTEEN AND TEN (3,813.10) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: SPOUSES MA. FE FORTES MACARAMBON AND YUSOPH MASORONG MACARAMBON, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZENS**
**Address:** UNIT 221, SORREL RESIDENCES, BRGY. 586 ZONE 057, SAMPALOC, MANILA

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **May 13, 2026** without further notice.

City of Manila, Philippines, March 24, 2026.

**(SIGNED)**
**SHAIRA A. QUERUBIN**
Acting Clerk of Court[3] & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**MICHAEL JEREMY R. SY**
Sheriff-in-Charge

Copy furnished:

**EAST WEST BANKING CORPORATION,**
**MORTGAGEE**
EastWest Corporate Center, The Beaufort, 5th Ave. Cor. 23rd St., Bonifacio Global City, Taguig City,

**SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON**
**MA. FE F. MACARAMBON**
**MORTGAGORS**
(1) Unit 221 with Balcony Sorrel Residences, Brgy. 586 Zone 057, Sampaloc Manila;
(2) 4b Lacson Street Herbosa, Brgy. Magsaysay, Tondo, Manila;
(3) 04 Lacson Street, Tondo, Manila

**NOTE:** Failure to attend at the auction sale, despite proper notice, shall be construed as a waiver, Accordingly, the auction sale shall be held as scheduled.

The mortgagee is required to submit an updated Statement of Account before the scheduled auction sale.

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, destroy or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 & 27, 2026**



# Minor strommbolian activity at paglindol patuloy na naramdaman sa Mayon volcano

Pumasok na sa ika-95 na araw ang patuloy na pag-aalburoto ng Bulkang Mayon sa lalawigan ng Albay, kung saan nakapagtala ang Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) ng panibagong minor Strombolian activity at daa-daang pagyanig.

Ayon sa pinakahuling ulat ng ahensya, namataan mula kagabi hanggang kaninang madaling araw ang mahina hanggang katamtamang pagsabog ng bulkan.

Nagbuga ito ng ash plume na umabot sa humigit-kumulang 900 metro ang taas bago tinangay ng hangin patungong kanluran.

Kasabay ng aktibidad na ito ang tuluy-tuloy na pagdaloy ng lava mula sa bunganga ng bulkan, gayundin ang pagguho ng mga bato at pagragasa ng pyroclastic density currents (PDC) o mas kilala sa lokal na tawag na uson.

Sa loob ng 24-oras na pagbabantay ng ahensya hanggang hatinggabi, nakapagrekord ang mga eksperto ng nasa 254 na volcanic earthquakes. Kabilang sa bilang na ito ang 36 na volcanic tremors na tumagal ng hanggang 15 minuto.

Bukod sa mga pagyanig, nakapagtala rin ang PHIVOLCS ng 287 na rockfall events at dalawang signal ng pyroclastic density current. Nakapaglabas din ang bulkan ng 2,428 tonelada ng sulfur dioxide kahapon.

Sa kabila ng mataas na antas ng aktibidad, nilinaw ng ahensya na nananatili sa Alert Level 3 ang estado ng Bulkang Mayon, na nangangahulugang mayroon pa ring banta ng mapanganib na pagputok.

Dahil dito, muling nagpaalala at mahigpit na ipinagbabawal ng mga awtoridad ang pagpasok ng publiko sa loob ng anim na kilometrong Permanent Danger Zone upang maiwasan ang anumang disgrasya mula sa biglaang pag-aalburoto ng bulkan.

# Petisyon kontra notice of disallowance sa P10-M pondo ng Puerto Princesa noong 2008 Palarong Pambansa ibinasura ng COA

PETISYON VS NOTICE OF DISALLOWANCE SA ₱10-M PONDO NG PUERTO PRINCESA NOONG 2008 PALARONG PAMBANSA, IBINASURA NG

Tuluyan nang ibinasura ng Commission on Audit (COA) ang apela ng isang opisyal ng pamahalaang lungsod ng Puerto Princesa hinggil sa inilabas na notice of disallowance sa ₱10 milyong pondo na inilaan para sa dalawang malaking sports events noong taong 2008.

Batay sa 10-pahinang desisyon ng ahensya na nilagdaan nina COA Chairperson Gamaliel Cordoba, Commissioner Mario Lipana, at Commissioner Douglas Mallillin, kinatigan ng komisyon ang naunang kautusan dahil sa maling paggamit ng pondo at kawalan ng tamang proseso sa pagbili ng mga kagamitan.

Lumabas sa imbestigasyon na ang nasabing ₱10 milyon ay orihinal na inilaan para sa repair and rehabilitation ng iba't ibang school buildings bilang paghahanda sa school year 2008-2009.

Subalit, nadiskubre ng mga auditor na ginamit ito bilang pambayad at para sa liquidation of cash advances sa MIMAROPA Regional Athletic Association Meet (MRAAM) at Palarong PambansaNaghain ng petition for review si Mylene J. Atienza, ang Administrative Officer IV at Special Disbursing Officer ng lungsod, upang kontrahin ang disallowance.

Ikinatwiran ni Atienza na nagsilbi pa rin umano sa layunin ang trust fund dahil marami pa ring mga gusali ng elementarya at high school ang naisaayos.Gayunpaman, idineklara ng COA na walang merito ang apela.Tinukoy ng audit body na bukod sa paglihis ng pondo, isinagawa rin ang mga pagbili nang piecemeal basis o unti-unti at hindi dumaan sa itinakdang public bidding.Nabigo rin umanong sagutin ni Atienza sa kanyang petisyon ang mga iregularidad sa mga dokumento.

# Paggamit ng renewable energy at electric vehicles, isinusulong sa Kamara laban sa oil crisis



Isinusulong ngayon sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ang agresibong paglipat sa renewable energy at paggamit ng electric vehicles (EVs) bilang pangmatagalang solusyon upang maibsan ang matinding epekto ng umiiral na oil crisis sa bansa.

Sa idinaos na Saturday News Forum, iginiit ni House Ways and Means Committee Chairman Representative Miro Quimbo na hindi na sapat ang mga panandaliang lunas o ayuda.

Ayon sa mambabatas, napapanahon na upang mamuhunan ang pamahalaan sa mga alternatibong mapagkukunan ng enerhiya, partikular na ang paglalagay ng solar at battery storage facilities.

Bilang pangunahing hakbang upang mabawasan ang labis na pagdepende ng Pilipinas sa imported na petrolyo, inirekomenda rin ni Quimbo na simulan ang transisyon sa sariling bakuran ng pamahalaan.

Iminungkahi niyang gawing de-kuryente o palitan ng EVs ang hindi bababa sa kalahati ng mga sasakyang ginagamit ng mga ahensya ng gobyerno.

Samantala, kaugnay sa patuloy na paggalaw ng presyo ng krudo, inatasan ng mambabatas ang Department of Energy (DOE), Energy Regulatory Commission (ERC), at Philippine Competition Commission (PCC) na paigtingin ang pagbabantay sa merkado.

Layunin nitong mapigilan ang posibleng cartel-like behavior.ng mga malalaking kumpanya ng langis.

Bagama't kinikilala ni Quimbo ang naging papel ng oil deregulation law, iginiit nitong kailangang tiyakin ng mga awtoridad na mayroong tunay at patas na kumpetisyon upang maprotektahan ang mga konsyumer.

Ang mga isinusulong na repormang ito ay kasunod ng babala ng mambabatas hinggil sa pang-ekonomiyang epekto ng krisis.

Inaasahan umano na posibleng pumalo hanggang 5.1 porsyento ang inflation rate ng bansa bunsod ng pagtaas ng presyo ng langis, isang senaryo na inaasahang higit na magpapabigat sa pang-araw-araw na gastusin ng mga ordinaryong mamamayan.

# 90 percent work from home setup sa mga ecozones inaprubahan ng FIRB

HANGGANG 90% WORK-FROM-HOME SETUP SA MGA ECOZONES, INAPRUBAHAN NG FIRB UPANG ISALBA ANG MGA NEGOSYO SA ENERGY EMERGENCY LOOPS: EMPLOYEES

Upang matulungan ang mga negosyante na mapanatili ang kanilang mga tax incentives sa kabila ng krisis sa kuryente, pormal nang pinayagan ng Fiscal Incentives Review Board (FIRB) ang pagpapatupad ng pansamantalang work-from-home (WFH) arrangement sa mga economic zones at freeport areas.

Batay sa inilabas na FIRB Resolution No. 005-2026, pumayag ang pamahalaan na isailalim sa WFH setup ang hanggang 90 porsyento ng mga empleyado ng mga registered business enterprises (RBEs).

Ito ay direktang tugon sa kasalukuyang umiiral na national energy emergency sa bansa.

Nakasaad din sa resolusyon na may kapangyarihan ang mga investment promotion agencies (IPAs) na ibaba ang naturang limitasyon hanggang sa 50 porsyentong threshold, depende sa kalikasan ng operasyon ng isang kumpanya.

Ayon kay Finance Secretary at FIRB Chairperson Frederick Go, ang hakbang na ito—na nag-ugat sa implementasyon ng CREATE MORE Act—ay naglalayong mabalanse ang tuluy-tuloy na operasyon ng mga negosyo at ang kaligtasan ng ekonomiya sa gitna ng kakulangan sa suplay ng enerhiya.

Subalit, nagbabala ang ahensya na may kaakibat na mahigpit na kondisyon ang nasabing pribilehiyo.

Bago ipatupad ang WFH, kinakailangang mag-abiso ang mga RBEs sa kanilang mga IPA, magpasa ng kumpletong dokumento, at patuloy na sumunod sa monitoring requirements.

Bilang karagdagan, obligasyon ng mga kumpanya na huwag magbawas ng tauhan at panatilihin ang lebel ng kanilang kita mula sa exports.

Ang anumang paglabag o kabiguang sumunod sa mga panuntunan ay magreresulta sa pagpapataw ng dagdag na buwis bilang parusa.

Ang pansamantalang WFH arrangement ay nagsimulang maging epektibo noong Marso 24, 2026, at inaasahang tatagal ng hanggang isang taon, maliban na lamang kung maagang bawiin o tuluyang palawigin ng Pangulo ang idineklarang energy emergency.



# NMC, binabantayan ang mga serye ng aggresibong aksyon ng China vs PH vessels sa WPS

Binabantayan ng National Maritime Council (NMC) ang mga aggresibong aksyon ng China sa WPS, laban sa mga PH vessel.

Sa panayam kay NMC Spokesperson Usec. Alexander Lopez, sinabi niyang mula pa nitong buwan ng Marso ay tuloy-tuloy na ang mga serye ng aggresibong aksyon ng mga Chinese vessel, lalo na nitong buwan ng Marso.

Pinapayuhan aniya ng NMC ang mga commander at ship captain ng mga barko ng Pilipinas na idokumento ang lahat ng mga pambubully upang maipaabot sa Department of Foreign Affairs at magawan ng akmang aksyon. West Philippine Sea

Pinapayuhan din ng NMC ang mga ito na maging mahinahin at hangga't maaari ay huwag nang patulan pa ang mga pambubully ng China.

Samantala, hindi rin isinasantabi ng NMC ang posibleng lalo pang pagtaas ng bilang ng mga barko ng China sa WPS ngayong summer season kung saan maganda ang panahon.

Ayon kay Lopze, kadalasang nangyayari ito kapag maayos ang lagay ng mga karagatan, ngunit hindi lamang mga Cinese vessel ang dumarami kungdi maging ang iba pang mga nationalities, kaya't hindi naman aniya nakakabahala ang naturang sitwasyon.

Gayonpama, tiniyak ni Lopez na patuloy na babantayan ng PH government ang mga aktibidad sa WPS upang masigurong protektado ang teritoryo ng bansa mula sa mga dayuhang barko na nagtatangkanmg manghimasok.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUIDICAL REGION
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 182, MANILA**
Rm 605-606, Parkview Plaza, Taft Ave., Ermita, Manila
Email Address: rtc1mnl182@judiciary.gov.ph
Contact Nos.: (02) 8293-4499 & 09171337882

**JOSEPH CO DYHENGO, also known as**
**JOSEPH C. DY or JOSEPH CO DY,**
Petitioner,

**SPEC. PRO. CASE NO.**
**R-MNL-26-01704-SP**

-versus-

**For: Judicial Recognition of Foreign Divorce and Correction of Entry in the Civil Registry under Rule 108, Revised Rules of Court**

**JULIE CHAN DYHENGCO also known as**
**JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN,**
**THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF**
**MANILA, and THE CIVIL REGISTRAR**
**GENERAL OF THE PHIILIPPINE**
**STATISTICS AUTHORITY (PSA),**
Respondents.

## ORDER

(18 March 2026)

Before the court is the instant **PETITION** filed by the petitioner, **JOSEPH CO DYHENGCO, also known as JOSEPH C. DY or JOSEPH CO DY,** through counsel, against the respondents, **JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN, THE LOCAL CIVIL REGISTAR OF MANILA, and THE CIVIL REGISTRAR GENERAL OF THE PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY (PSA),** for the judicial recognition of foreign divorce and correction of entry in the civil registry under Rule 108 of the Revised Rules of Court.

In the Petition, the petitioner prays for the following:

1. RECOGNIZING as valid in the Philippines the divorce obtained in British Columbia, Canada by respondent JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN;
2. DIRECTING the Local Civil Registrar of Manila and the Civil Registrar General of the Philippine Statistics Authority to annotate the judgment recognizing the foreign divorce on the Certificate of Marriage with Register No. 88-17232; and
3. DECLARING that Petitioner to be capacitated to remarry under Philippine Laws.[1]

In support thereof, the petitioner alleged the following statements of facts in the Petition:

"5. Petitioner was married to respondent Julie on 3 July 1998 at San Sebastian Church, Plaza del Carmen, Barangay 390, Manila, Republic of the Philippines. A PSA-certified copy of the Certificate of Marriage with Register No. 88-17232 is attached as Annex 'A'.

6. Out of the Marriage, Petitioner and Julie begot three (3) children, now adults, namely:

a. Jordandino Chimson Chan Dyhengco, born on 18 August 1989;
b. Jodaren Conti Chan Dyhengco, born on 15 December 1992;
c. Josef Caleb Cahn Dyhengco, born on 19 June 2001.

7. Julie obtained Canadian citizenship on 10 January 2001. A copy of Julie's Canadian Citizenship Card No. A8341377 issued by the Government of Canada is attached hereto as Annex 'B'. Likewise attached as Annex 'B-1' is a copy of Julie's Canadian Passport No. GL948800 issued 24 February 2015.

8. On 23 March 2023, Julie applied for an order of divorce from Petitioner with the Supreme Court of British Columbia, Canada, on the ground that the Petitioner Julie 'have lived separate and apart since December 26, 2021'. A certified copy of the 'Notice of Family Claim' with Vancouver Registry No. E-230752 is attached hereto as Annex 'C'.

9. On 6 September 2023, the Supreme Court of British Columbia, Canada issued a Certificate of Divorce certifying that Petitioner and Julie 'who were married at Manila, Philippines on July 3, 1988 were divorced under the Divorce Act (Canada) by an order of this court which took effect and dissolved the marriage on September 4, 2023'. Apostille copy of the 'Certificate of Divorce' with Vancouver Registry No. E-230752 is attached hereto as Annex 'D'.

10. Under Section 8 (2) (a) of the Divorce Act of Canada, a divorce may be granted if 'the spouses have lived separate and apart for at least one year immediately preceding the determination of the divorce proceeding and were living separate and apart at the commencement of the proceeding'. Section 14 of said Act further states that 'a divorce granted under this Act dissolves the marriage of the spouses'. Apostille copy of the Divorce Act of Canada (RSC, 1985, c.3 [2nd sup.]) is attached as Annex 'E'."[2]

Finding the Petition to be sufficient in form and substance, the same is hereby set for hearing on the satisfaction of jurisdictional requirements on **04 June 2026 (Thursday) at 1:00 P.M.,** before this court at Room 606, 6th Floor, Parkview Plaza, Trida Bldg. (Masagana Bldg.), Taft Ave. corner T.M. Kalaw St., Ermita, City of Manila, at which date and time all persons interested may file their oppositions or answers and appear and show cause, if any, why the Petition should not be granted.

The respondents, **JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN, THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA, and THE CIVIL REGISTRAR GENERAL OF THE PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY (PSA),** or any persons having or claiming interest in the Petition may, within thirty (30) days from notice or from last day of publication of this Order, file their opposition thereto and to show cause why the Petition should not be granted.

Let this Order be published, at the expense of the petitioner, once a week for three (3) consecutive weeks, before the scheduled date of hearing, in a newspaper of general circulation in the Metro Manila, Philippines, to be selected by raffle.

The Branch Clerk of Court is hereby directed to issue Summons to the respondents named in the Petition, and to furnish the Office of the Clerk of Court with a copy of this Order so that the same may be published in accordance with P.D. 1079.

The Court Process Server is hereby directed to file his Return within five calendar days after service to the respondents of the Summons and this Order, together with a copy of the Petition and its Annexes.

Considering that the respondent, **JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN,** is residing at 4751 Tilton Road, Richmond City, British Columbia, V7C 1K6, Canada which is outside the territorial jurisdiction of this court, pursuant to Section 3, Rule 14 of the Revised Rules on Civil Procedure, the petitioner, through counsel, is hereby directed to cause the service of the Summons, together with this Order and a copy of the Petition, to said respondent, via registered mail or private courier, and to submit to this court a proof of service in compliance hereto.

SO ORDERED.

City of Manila, Philippines, 18 March 2026.

**(SIGNED)**
**MARIA LINA NIEVA S. CASALS**
Presiding Judge

COPY FURNISHED:
**JOSEPH CO DYHENGCO**
**Also known as JOSEPH C. DY**
**or JOSEPH CO DY**
Petitioner
5 Filmore St., North Greenhills, San Juan City
(or thru counsel)
**ATTY. TORIBIO U. REYES III**
**ATTY. MARY ANN U. REYES-LEE**
**REYES REYES-LEE & DELA MERCED-MOVIDO**
Counsels for the Petitioner
Unit 701 Manila Luxury Condominium, Pearl Drive,
Ortigas Center, Pasig City 1605
**JULIE CHAN DYHENGCO**
**also known as JULIE Y. CHAN**
**or JULIE YABUT CHAN**
Respondent
(1) Local Address: 525 Rochester St., Greenhills East,
Mandaluyong City (c/o) Process Server
(2) International Address: 4751 Tiltion Road, Richmond City,
British Columbia, V7C 1K6, Canada (c/o petitioner)
**OFFICE OF THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA**
Ground Floor, City Hall Building, Arroceros Street, Ermita,
Manila
Email Address: manila.cro@yahoo.com
**OFFICE OF THE CIVIL REGISTRAR GENERAL (OCRG)**
**PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY**
PSA Complex, East Avenue, Diliman, Quezon City
Email Address: legal.staff@psa.gov.ph
**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo St., Legazpi Village, Makati City
Email Address: efile@osg.gov.ph
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT –**
**REGIONAL TRIAL COURT, MANILA**
4th Floor, Manila City Hall
**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 20, 27 & May 04, 2026**



**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
**QUEZON CITY**
Email Address: rtc1qznocc@judiciary.gov.ph
Mobile No./Landline No. 09155083986/ 89243843

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

-versus-

FRE NO. 16354

**GLORIA DANCEL DOMINGO,**
Debtor/Mortgagor.
x-------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118 and pursuant to the terms and conditions of the **LOAN AGREEMENT dated APRIL 1, 2015 and REAL ESTATE MORTGAGE dated MAY 8, 2025** executed by **GLORIA DANCEL DOMINGO,** -No. 36, Scout Chuatoco Street, Quezon City 1100/ Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies Cubao, P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue, Barangay Socorro, Cubao, Quezon City, Debtors/Mortgagors in favor of **BDO UNIBANK, INC.,** Mortgagee, to satisfy the mortgage debt in the amount of **Php1,001,092.17** as of **FEBRUARY 11, 2026,** including interests, penalties and expenses incidental, other charges, together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale as may due, the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized Deputy Sheriff, hereby announces that on **MAY 12, 2026** between the hours of 9:00 A.M. to 4:00 P.M. at the Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will sell thru public auction to the highest bidder for cash, in Philippine Currency, the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 004-2024023622**
**Registry of Deeds-Quezon City**

AMAIA SKIES CUBAO

TOWER 1

| | |
|---|---|
| UNIT NO.: | 736 |
| UNIT DESCRIPTION: | STUDIO UNIT |
| UNIT TYPE | A |
| FLOOR LEVEL: | 7TH |
| UNIT AREA NO.: | 18.60 SQ. M. |

In the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012006856 which embraces and describes the land located at P. TUAZON BLVD. CORNER 5TH AVENUE, BRGY. SOCORRO, CUBAO, QUEZON CITY with an area of THREE THOUSAND SEVENTY-EIGHT (3,078) Square Meter.

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and the encumbrances thereon, if any there be.

In the event that public auction should not take place on the scheduled date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **MAY 19, 2026** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro Manila, April 8, 2026.

**(SIGNED)**
**DAISY B. OBRA**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII and
Ex-Officio Sheriff

WARNING:

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law.

Copy Furnished;

**BDO UNIBANK, INC.**
**REMEDIAL MANAGEMENT UNIT**
**BY: ANNE HAZEL M. GAVIOLA**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong City

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
No. 36, Scout Chuatoco Street, Quezon City 1100

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies
Cubao, P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue,
Barangay Socorro, Cubao, Quezon City

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies Cubao,
P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue,
Barangay Socorro, Cubao, Quezon City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 & 27, 2026**

# P12-B kalugihan sa sektor ng mais ibinabala ng mga magsasaka kapag tinanggal ang taripa sa importasyon

Nagbabala ang mga grupo ng magsasaka sa napipintong pagkalugi ng aabot sa P12-B sa sektor ng agrikultura, sakaling ituloy ng pamahalaan ang panukalang tuluyang tanggalin ang taripa sa mga inaangkat na mais.

Pormal na naghain ng mariing pagtutol ang Federation of Free Farmers (FFF) at MAGSASAKA Party-list laban sa hakbang na ito.

Ayon kay FFF Board Chairman Leonardo Montemayor, bagama't layunin ng panukala na maibaba ang presyo ng baboy at manok sa gitna ng krisis sa enerhiya, labis na maapektuhan ang kabuhayan ng mga lokal na nagtatanim ng mais.

Binalaan ng grupo na kung babagsak ang farmgate price, posibleng mapilitan ang kalahati ng mga magsasaka na itigil na ang kanilang produksyon.

Iginiit ni Montemayor na hindi makatarungan ang naturang hakbang dahil batay sa kanilang pag-aaral, wala pa sa isang porsyento ang inaasahang ibababa sa retail price ng mga karne.

Ayon sa kanila, masyadong maliit ang epekto nito sa mga mamimili kumpara sa bilyun-bilyong pisong mawawala sa mga lokal na magsasaka.

Sa kasalukuyang umiiral na sistema, pinapatawan ng lima hanggang 15 porsyentong taripa ang lahat ng corn imports na pumapasok sa bansa

Base sa huling datos, nasa 60 porsyento lamang ng kabuuang suplay ng mais



sa bansa ang nanggagaling sa lokal na produksyon, habang ang natitira ay inaangkat na sa ibang bansa.

Bilang alternatibong solusyon, iginiit ng FFF at MAGSASAKA Party-list na hindi dapat sa mga nagtatanim ng mais ipasa ang pasanin.

Sa halip, hinikayat nila ang gobyerno na magkasa ng mas direktang tulong para sa mga hog and poultry raisers sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas murang farm inputs.



By
**Bro. Ernie Acayan**

**Mateo 3:2**
**"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"**

## TUNAY NA PAGSISISI

**Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?**

**Gawa 26:20**
**"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."**

**Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.**

**1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundi utos ng Dios.**

**1 Tesalonica 5:17**
**"...palagi kayong manalangin..."**

**Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.**

**Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.**

**Juan 15:5**
**"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."**

**2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.**

**2 Cor.5:17**
**"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. "**

**3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.**

**Roma.12:2**
**"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."**


**Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Dios.**

**Efeso 4:23-24**
**"**
**Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.**

**Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.**

**1 Juan 3:9**
**" Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."**

**TO GOD BE THE GLORY.**



# Justin Bieber, balik performer na matapos ang ilang taong pananahimik

Halos dumagundong ang entablado ng Coachella matapos ang pagbabalik ng pop superstar na si Justin Bieber kung saan naging pangunahing performer siya sa ikalawang araw ng musical festival noong Abril 11 sa California, USA.

Ito ang unang major festival performance ni Bieber mula noong 2022, at itinuring ang kanyang set bilang simula ng kanyang "full comeback" sa live concerts matapos ang ilang taong pananahimik dahil sa isyu ng kanyang kalusugan.

Sa kanyang minimalist na stage setup, binalikan ng singer ang kanyang mga lumang hit tulad ng "Baby," "Never Say Never," at "Beauty and a Beat," habang sinabayan din ang mga bagong tracks mula sa kanyang albums na Swag at Swag II.

Isa sa naging highlight ng kanyang set ay ang paggamit niya ng YouTube playback ng kanyang lumang videos habang kumakanta, na tinawag niyang "special night" at isang matagal nang pangarap na matupad

Samantala, umarangkada rin sa festival ang iba pang malalaking international acts. Nagtanghal ang rock band na The Strokes, na nag-anunsyo pa ng paparating nilang album matapos ang ilang taong pahinga.

Nagpakitang-gilas din ang collaboration na Nine Inch Noize (Nine Inch Nails at Boys Noize), pati na rin ang indie artist na Sombr na nakipag-perform kasama si Billy Corgan ng Smashing Pumpkins.

Kasama rin sa line-up ang iba't ibang international artists gaya nina Addison Rae, PinkPantheress, Taemin, at David Byrne.

Sa sumunod na araw, nagtanghal din sina Karol G, FKA twigs, Fatboy Slim, Young Thug, at ang K-pop group na BIGBANG.

Binuksan naman ang festival noong Abril 10 sa headlining set ni Sabrina Carpenter, na sinamahan pa ng mga surprise appearances mula kina Lizzo at David Lee Roth.

Ang Coachella ay magpapatuloy sa susunod na weekend na may halos parehong line-up, at mapapanood din sa online streaming platforms.

# Anne Curtis, nagkaroon ng clumsy moment sa interview kina Anne Hathaway at Meryl Streep

Nagkaroon ng nakakatawang "clumsy moment" ang aktres at host na si Anne Curtis matapos niyang makaharap sa isang interview ang mga Hollywood stars na sina Anne Hathaway at Meryl Streep kaugnay ng inaabangang pelikulang "The Devil Wears Prada 2."

Sa naturang panayam, aksidenteng natamaan ni Anne Curtis ang isang mikropono na agad na nahulog sa sahig. Sa halip na ikahiya, pabirong sinabi ng aktres na para itong "Andy Sachs moment," na tumutukoy sa karakter ni Hathaway sa orihinal na pelikula na kilala rin sa pagiging clumsy.Mga Pelikula

Sa kanyang Instagram caption, pabirong sinabi pa ni Curtis, "Ako lang talaga e noh? Of all times! Haha," at ibinahagi rin na labis ang kaba niya sa naturang interview bago napalitan ito ng mainit na pagtanggap mula sa mga Hollywood stars.

Ayon pa sa kanya, isang "dream interview" ang nangyari at labis niyang ikinatuwa ang pagkakataong makausap sina Hathaway at Streep.

Sa panayam, tinalakay rin ang impluwensya ng unang pelikula, personal na fashion icons ng mga aktres, at ang tanong kung ano ang magiging buhay ni Miranda Priestly kung may social media ito. Nagbigay rin si Anne ng mensahe para sa karakter na si Andy Sachs.

Kasama rin sa pagbabalik sa sequel sina Stanley Tucci at Emily Blunt, habang magpapakita rin si Simone Ashley sa pelikula.

Nakatakdang ipalabas sa mga sinehan ang "The Devil Wears Prada 2" sa Abril 29, 2026.

Ayon sa ulat, bahagi rin ng pelikula ang ilang eksena na kinunan sa Milan, Italy.



# Iran Parliament Speaker Ghalibaf, sinagot ang US: 'If you fight, we will fight'

Naglabas ng matapang na pahayag si Iran Parliament Speaker Mohammad Bagher Ghalibaf matapos bumalik sa Iran mula sa Pakistan, kung saan siya ang nanguna sa negosasyon ng peace talk sa pagitan ng Iran at Estados Unidos.

Bilang tugon sa mga pahayag ni U.S. President Donald Trump, iginiit ni Ghalibaf na "such threats have no effect on Iranians"at hindi sila "surrender under threats."

Ayon sa ulat ng Iranian outlets, sinabi niya na handa ang Iran na tumugon sa anumang babala ng Amerika: "if you fight, we will fight, if you come forward with logic, we will respond with logic."


Dagdag pa niya, hindi magpapasailalim ang Iran sa anumang uri ng pagbabanta at kung susubukin muli ang kanilang determinasyon, "we will teach them an even greater lesson."

Binanggit din ni Ghalibaf na mula pa sa simula ng negosasyon, hindi na nagtitiwala ang Tehran sa Estados Unidos at dapat umano itong pagtrabahuhan ng Amerika dahil sa mga ginawang naunang pag-atake sa Iran habang isinasagawa ang negosasyon.

Kasunod nito, sinabi ni Trump sa kaniyang mga post sa Truth Social na magpapatupad ang Estados Unidos ng naval blockade sa Strait of Hormuz at haharangin ang mga barkong nagbabayad ng umano'y "illegal toll" sa Iran.

Ayon pa sa kanya, patuloy ding lilinisin ng U.S. ang mga daungan sa Strait of Hormuz upang matiyak ang ligtas na daloy ng mga kaalyadong barko nito.

Nauna ring sinabi ng U.S. military na handa silang muling magsagawa ng operasyon laban sa Iran sa tamang oras, habang nananatiling walang kasunduan ang magkabilang panig kaugnay ng nuclear program ng Iran.



# US rapper na si Afrika Bambaataa pumanaw na

Pumanaw na ang kilalang rapper at DJ na si Afrika Bambaataa sa edad na 67.

Sinabi ng kaniyang kaanak na dahil sa kumplikasyon sa cancer ang naging sanhi ng pagpanaw nito sa kaniyang bahay sa Pennsylvania.Isinilang siya sa Bronx kung saan nakasama siya sa mga lokal na gang na "Black Spades" kung saan umangat siya sa puwesto at naging "warlord" siya. Nagsimula siya noong 1970 bilang sa pag-host ng parties kung saan umuusbong na ang hip-hop music.Musika at AudioUnang naglabas siya ng kanta noogn 1980 na may titulong "Zulu Nation Throwdown" habang ang kanta nitong "Planet Rock" noong 1982 ay umangat sa pang-apat na puwesto sa US R&B chart.Kasama rin ito sa album na "Sun City" na kinabibilangan ng ilang mga sikat na rapper gaya nina Joey Ramone, Ru DMC, U2 at iba pa.



# Pope Leo XIV, tinuligsa ang mga nagsisimula ng digmaan: 'Enough to war!'

Mariing nanawagan si Pope Leo XIV ng kapayapaan at pagkakaisa sa gitna ng tumitinding mga digmaan sa mundo, partikular sa Gitnang Silangan.

Sa isang prayer vigil sa St. Peter's Basilica, kinondena ng Santo Papa ang digmaan at ang mga nagpapasimuno umano ng kaguluhan na mas pinipili ang pagpapakita ng kapangyarihan kaysa paigtingin ang dayalogo.Mga Lugar ng Pagsamba

Hinimok niya ang mga lider ng bansa na tigilan na ang karahasan at sa halip ay mag-usap upang makamit ang kapayapaan.

"Dear brothers and sisters, there are certainly binding responsibilities that fall to the leaders of nations. To them we cry out: Stop! It is time for peace! Sit at the table of dialogue and mediation, not at the table where rearmament is planned and deadly actions are decided!" saad ng Santo Papa.

Bagama't hindi siya nagbanggit ng partikular na bansa o pangalan ng lider, malinaw ang kanyang panawagan laban sa patuloy na mga labanan at muling hinikayat ang mga mamamayan na magtulungan sa pagbuo ng isang lipunang nakabatay sa pag-ibig, pag-unawa, at pagkakasundo."No sword, no drone, no vengeance, no trivialization of evil, no unjust profit, but only dignity, understanding and forgiveness," ani Pope Leo. Maalalang si Pope Leo, ay kilala bilang isang moderatong lider at tagapagtaguyod ng pagkakaisa. Patuloy siyang nananawagan ng de-escalation at diplomatikong solusyon sa mga umiiral na sigalot sa mundo.

# 'Bad news, we have not reached an agreement with Iran' – JD vance

Nasa Islamabad, Pakistan si US Vice President JD Vance para sa serye ng negosasyon sa pagitan ng Estados Unidos at Iran hinggil sa pagpapalawig ng kasalukuyang ceasefire.

Sa kanyang pahayag, sinabi ni Vance na nagkaroon ng "substantive discussions" ngunit walang napagkasunduang kasunduan.

"We've had a number of substantive discussions with the Iranians. That's the good news. The bad news is that we have not reached an agreement – and I think that's bad news for Iran much more than it's bad news for the United States of America," wika ni Vance.

Ang pagpupulong ay tumagal ng mahigit 21 oras mula Abril 11 hanggang Abril 12, 2026, na dinaluhan ng mga kinatawan mula sa Estados Unidos, Iran, at Pakistan.

Kasama rin sa delegasyon ng Amerika si US special envoy Steve Witkoff at si Jared Kushner, manugang ni Pangulong Donald Trump. Layunin ng negosasyon na palawigin ang tigil-putukan na ipinatupad noong Pebrero 28 sa ilalim ng Operation Epic Fury, matapos ang anim na linggong labanan sa Iran na nagdulot ng matinding pinsala at krisis sa ekonomiya. Ayon sa mga ulat, kabilang sa mga sensitibong paksa ang uranium enrichment program ng Iran, seguridad sa Strait of Hormuz, at mga kondisyon para sa mas matibay na ceasefire. S

Sa kabila ng kabiguan, nananatiling bukas ang posibilidad ng panibagong round ng pag-uusap sa mga darating na linggo.

Ang kabiguan ng negosasyon ay nakikitang mas malaking dagok para sa Iran, na patuloy na humaharap sa matinding pressure mula sa international community at sa epekto ng mga sanctions.

Para sa Estados Unidos, nananatiling matatag ang posisyon na hindi magbibigay ng kompromiso hangga't hindi natutugunan ang mga pangunahing isyu sa seguridad at nuclear program.




"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"
**Taytay RTW Base**
**Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay San Jose, Tarlac, Philippines**
**Contact No.# 09460277182**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 20 - 26, 2026




**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**
**Contact : Juliana Diesta # 09052264801**
**krusty.ebox@gmail.com**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 20 - 26, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 20 - 26, 2026



# CROSSWORDS

## Across

1. __ the fat: gab
5. Get the last of, as gravy
10. Nap spot
14. Tibetan spiritual leader
15. Teaser ad
16. Rather wicked
17. Some early PCs
18. "Finding Nemo" setting
19. Irish ancestor
20. Household pest with wings
21. *Wise maternal figure voiced by Betty White in "The Lorax"
23. "Groovy, man!"
25. Nutrient in kale
26. Answers for a mistake
29. Like some swimming pools
33. Washbowl
35. Celebration with rainbow flags
37. Dallas sch.
38. Clever ploy
39. Household pest with a tail
40. Base's chemical opposite
41. 37-Across email ending
42. Military academy student
43. Speechify
44. Chinese small bites
46. Wireless network device
48. Stitched borders
50. Large crustaceans
53. *Mob boss played by James Gandolfini
58. Physics particle
59. Soothing gel
60. Hidden treasure
61. Bummed out
62. Beer barrels
63. Corkscrew shape
64. Novelist Ferber
65. "Grand slam" awards acronym spelled out by the starts of the answers to the starred clues
66. Look at, in the Bible
67. Cubicle fixture

## DOWN

1. Hang glider's launching spot, perhaps
2. "Se __ español"
3. *Actress who plays Fiona Gallagher on "Shameless"
4. "Now, where __ I?"
5. Newspaper section with game recaps
6. Black-and-white 18-Across predator
7. Verse
8. Savory flavor
9. Short trip on a short horse
10. Fraction of a minute
11. Completed
12. Cannes festival showing
13. Utah ski resort
21. Fashion icon Tim
22. Zero
24. Tot's injury
27. Onetime Zune rival
28. More loyal
30. *"The Picture of Dorian Gray" novelist
31. Fail to mention
32. Impolite
33. Born and __
34. Automaker with a four-ring logo
36. Analogy words
39. Woolly beasts of the past
40. Zone
42. Pool hall sticks
43. Other, in Spanish
45. Least assertive
47. "Coming after the break ... "



49. Buying binge
51. Subjects of most sentences
52. Tiptoe
53. Grab
54. Designer Cassini
55. Scrapped, at NASA
56. Actor's goal
57. Rental car giant
61. __-and-breakfast

# WORD HUNT

**SHERLOCK**



| | | |
|---|---|---|
| SHERLOCK | JIM | |
| HOLMES | MYCROFT | |
| JOHN | WATSON | |
| MARY | LONDON | |
| MOLLY | DOCTOR | |
| ANDERSON | MRS HUDSON | |
| GREG LESTRADE | KITTY RILEY | |

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | F | S | H | M | S | E | A | R | S | P | B |
| T | E | A | E | A | E | N | L | H | C | A | A |
| I | C | N | M | M | R | T | E | T | O | M | O |
| J | H | E | B | I | M | R | B | H | T | B | R |
| O | R | L | O | E | L | A | I | H | C | A | S |
| H | I | L | B | B | R | Y | R | S | H | R | C |
| N | S | E | B | Y | J | R | E | W | I | N | G |
| R | T | E | Y | P | A | M | E | L | A | E | M |
| O | O | U | I | E | A | R | E | C | N | S | E |
| S | P | S | A | L | Y | A | T | I | N | E | T |
| S | H | E | F | L | E | N | E | R | G | Y | H |
| O | E | L | I | E | L | C | Y | R | A | G | A |
| A | R | O | N | N | B | H | F | L | L | C | N |
| S | E | N | R | A | B | F | F | I | L | C | E |

# 12,000 career assists naitala ni LeBron James




**Nagamit ng Los Angeles Lakers ang homecourt advantage sa unang round ng Western Conference playoffs matapos nilang talunin ang Phoenix Suns sa iskor na 101–73.**

Pinangunahan ni LeBron James ang panalo matapos makapagtala ng 28 puntos at 12 assists, dahilan upang opisyal siyang maging ikaapat na manlalaro sa kasaysayan ng NBA na umabot sa 12,000 career assists.

Nakuha ni James ang makasaysayang ika-12,000 assist sa unang quarter sa pamamagitan ng isang long chest pass kay Deandre Ayton.

Sa pagtatapos ng laro, umabot na sa 12,010 ang kabuuang assists ni James, na pumapang-apat sa listahan sa likod nina John Stockton (15,806), Chris Paul (12,552), at Jason Kidd (12,091). Dahil sa tagumpay, umakyat ang kartada ng Lakers sa 52–29, sapat upang masigurong hindi sila bababa sa ikaapat na puwesto sa standings.

May pagkakataon pa silang agawin ang ikatlong puwesto mula sa Denver Nuggets (53–28) sa kanilang huling laro, dahil hawak ng Los Angeles ang tiebreaker edge.

Malaking tulong din sa panalo ang 19 puntos ni Luke Kennard, habang nagdagdag sina Rui Hachimura at Ayton ng tig-13 at 10 puntos.

Umabot pa sa 29 puntos ang kalamangan ng Los Angeles sa fourth quarter.

Samantala, nahirapang makapuntos ang Phoenix (44–37), na nakagawa lamang ng 25 puntos sa buong second half. Hindi nakalaro ang kanilang star player na si Devin Booker dahil sa ankle injury, habang napilitang lumabas nang maaga si Grayson Allen sa ikalawang quarter dahil sa hamstring injury.

Pinangunahan ni Dillon Brooks ang Suns sa kanyang 12 puntos, habang nagdagdag si Royce O'Neale ng 11.

Limitado lamang ang koponan sa 33.8 porsyentong shooting at nagtala ng 24 turnovers.

Gayunpaman, hindi na naapektuhan ang standings ng Suns dahil selyado na nila ang ikapitong puwesto sa West at ang homecourt advantage para sa play-in game.

## Alex Eala, natapos na ang kampanya sa Linz Open matapos talunin ni Ostapenko

Bigo nang makausad ang Filipina Tennis Star na si Alex Eala sa susunod na round matapos talunin ni Jelena Ostapenko, 6-4, 7-5, sa Round of 16 ng Upper Austria Ladies Linz Open noong Miyerkules, Abril 8, 2026. Mga Gabay sa Lungsod at Lokal

Unang nagpakita si Eala ng magandang laro matapos siyang manguna sa parehong set. Umabante siya ng 4-2 sa unang set at nagpakitang-gilas pa sa ikalawang set nang makuha ang 4-0 na lamang.

Gayunpaman, nakabawi si Ostapenko at ipinamalas ang kanyang natatanging experince.

Nakuha ng Latvian player ang apat na sunod na laro upang maagaw ang unang set, bago tuluyang dominahin ang huling bahagi ng ikalawang set sa anim na magkakasunod na panalo upang maselyuhan ang naturang laban.

Bago ang kanyang pagkatalo, matagumpay na tinalo ni Eala si Julia Grabher sa Round of 32 sa iskor na 6-4, 6-3.

Samantala, ito rin ang kauna-unahang panalo ni Ostapenko laban kay Eala sa isang WTA tournament.

Sa kabila ng pagkabigo, inaasahang babalik agad ang Filipina Tennis star sa Stuttgart Open sa susunod na linggo.



PVN SPORTS

NO. VIII | ISSUE NO. 38 | APRIL 20 - 26, 2026 | ₱15.00

## Kevin Quiambao, hinirang bilang Rookie of the Year sa Korean Basketball League

Pinarangalan bilang Rookie of the Year sa 2025–26 Korean Basketball League (KBL) ang Filipino star na si Kevin Quiambao.

Ito ay kasunod ng kaniyang magandang debut performance sa Goyang Sono Skygunners bilang power forward.




Nagawa ni Quiambao na magtala ng average na 15.8 points per game , 6.5 rebounds, and 4.0 assists per game sa kaniyang rookie season, at nagsilbing isa sa mga pangunahing scorer, hindi lamang ng Skygunners kungdi sa buong liga.

Malaki rin ang naging papel ng bagitong Pinoy sa kampaniya ng koponan para makakuha ng isang playoff post ngayong season. Nagawa ng koponan na magbulsa ng 28-26 win-loss record at nakuha ang ika-limang pwesto sa liga.

Ito ang unang pagkakataon na makapasok ang Skygunners bilang isang franchise sa KBL.

Bago nagpunta sa Korea, dating naglaro si Quiambao sa De La Salle University at isa sa mga pangunahing miyembro ng Gilas Pilipinas.

Kabilang sa mga naging laro ng Gilas kung saan nagawa niyang mag-ambag ng magandang performance ay noong hinarap ng Pilipinas ang Team Australia sa 2025 FIBA Asia Cup kung saan nagpasok siya ng 17 points.

## Pacquiao may panawagan sa UN na dapat ay bigyang prioridad ang sports na siyang susi sa kapayapaan



Nanawagan si dating boxing champion Manny Pacquiao sa mga lider ng bansa na bigyan ng pagkakataon ang mga bata ng pagkakaton para magkaroon ng magandang kinabukasan.

Sa kaniyang talumpati sa United Nation's Sports for Peace and Development: Leveraging Sport for Youth Empowerment and Prevention of Violent Extremism, binigyang halaga nito na ang sports ay isang tulay tungo sa kapayapaan.

Mahalaga na hubugin pa lamang ngayon ang mga bata sa sports lalo na ngayon at naharap sa iba't-ibang krisis ang bansa.

Ibinahagi din nito na ang sports ang tumulong sa kaniya para magkaroon ng disiplina at pag-asa.

Dagdag pa nito na ang mga bata ay mahalagang mabigyan ng suporta, gabay para sa magandang kinabukasan.

## Rockets hindi pinaporma ang Sixers 113-102




Mas pinalawig pa ng Houston Rockets sa walong sunod na panalo matapos talunin nila ang Philadelphia 76ers 113-102.

Nanguna sa panalo ng Rockets si Kevin Durant na nagtala ng 29 points.

Nagdagdag naman ng tig-19 points sina Jabari Smith Jr at Amen Thompson habang mayroong 15 points at walong rebounds si Tari Eason.

Nag-ambag din sa panalo ng Rockets sina Alperen Sengun na mayroong 12 points habang 10 points naman si Josh Okogie.

Nasayang naman ang ginawang 23 points ni Tyrese Maxey at 21 points, anim na rebound ni VJ Edgecombe para sa Sixers.

## World number 1 Sabalenka umatras na sa paglalaro sa Stuttgart Open

Inanunsiyo ni World No.1 Aryna Sabalenka na hindi ito makakapaglaro sa Stuttgart Open dahil sa injury.

Sa kaniyang social media account ay ibinahagi nito ang masamang balita sa hindi pagsali sa torneo na magsisimula sa susunod na linggo. Nakuha umano nito ang kaniyang injury sa Miami Open kung saan hindi ito agad na gumaling. Hindi naman na ibinahagi pa ng 27-anyos na Belarus tennis star kung anong uri ng injury na kaniyang tinamo.

